Mensahe Dalawa

## Mga Mahalagang Aspeto ng Pamumuhay sa Mabuting Lupain matapos Bumalik mula sa Pagkabihag sa Babilonia

Babasahin sa Kasulatan: 1 Cron. 4:10; 9:1; 16:8-12, 16-18; 29:10-20;
2 Cron. 20:15-22; 36:22-23

**I. Ang kasaysayan ng bayan ng Israel ay isang tipolohiya, sumasagisag sa mga Bagong Tipang mananampalataya at samakatuwid ay sumasagisag sa ekklesia—2 Cron. 36:22-23; 1 Cor. 10:6, 11.**

**II. Ang Juda ay dinalang bihag papuntang Babilonia dahil sa pagiging taksil; kaya, ang mga bumalik mula sa pagkabihag ay dapat maging tapat sa Diyos—1 Cron. 9:1; 1 Cor. 4:1-2; 7:25; 2 Tim. 2:13; Apoc. 17:14:**

A. Ang Diyos ay tapat sa pagtupad ng Kanyang ekonomiya at sa pangunguna sa atin tungo sa Kanyang ekonomiya—Pan. 3:23b.

B. Bilang ang tapat na Diyos, hindi maikakaila ng Diyos ang Kanyang sarili; hindi Niya maikakaila, malalabanan, ang Kanyang sariling katauhan—2 Tim. 2:13.

C. Kapag Siya, kalakip ang Kanyang kagalingan ng katapatan, ay naisagawa tungo sa atin, Siya ay nagiging tayo, at tayo ay nagiging Siya sa Kanyang katangian ng katapatan—1 Cor. 7:25; 2 Tim. 2:13:

1. Kung paanong hindi maikakaila ng Diyos ang Kanyang sariling katauhan, tayo, na nabuuan Niya, ay hindi maikakaila ang sarili nating katauhan—cf. Efe. 3:16-17.
2. Sa ganitong paraan tayo ay maaari maging, at magiging, tapat bilang mga katiwala ng mga hiwaga ng Diyos—1 Cor. 4:1-2.
3. Sapagkat tayo ay nabuuan ng katapatan ng Diyos, dapat tayong maging tapat sa Kanya; hindi tayo mapapahintulutan ng ating katauhan, ng ating pagkakabuo, na maging iba.

D. Ang tayo ay maging tapat, mapagkakatiwalaan, ay nangangahulugang tuparin ang pagkakatiwalang itinakda ng Panginoon sa atin—bb. 1-2; 7:25; 1 Tim. 1:12.

E. Pagdating ng Panginoon para sa digmaan sa Armageddon, Siya ay magiging ang Panginoon ng mga panginoon at ang Hari ng mga hari, at ang mga mandaraig na kasama Niya ay magiging mga “tinawag at pinili at tapat”—Apoc. 17:14; 19:11-21.

**III. Lahat ng mga bumalik sa mabuting lupain mula sa pagkabihag sa Babilonia ay inutusang makilala, sundin, at sambahin si Jehovah—1 Cron. 16:8-14:**

A. *Diyos* ay nagpapahiwatig ng kapangyarihan ng Diyos at ng Kanyang kaugnayan sa mga nilikha; *Jehovahng Diyos* ay nagpapahiwatig ng Diyos na may kaugnayan sa tao.

B. Jehovahng Diyos ay hindi lamang ang Isa na makapangyarihan bagkus ang Isa rin na lumalapit sa tao—Gen. 2:4, 8, 15-16, 18-19, 21-22.

C. *Jehovah* ay nangangahulugang “Ako ang Ako nga,” nagpapahiwatig na si Jehovah ay ang sariling-umiiral at palagiang umiiral na walang hanggang Isa, ang Isa na nasa nakalipas, na nasa kasalukuyan, at magiging nasa hinaharap magpakailanman—Exo. 3:14; Apoc. 1:4.

D. Si Jehovah ay ang tanging Isa na Siya nga—Heb. 11:6:

1. Ang bukod tanging Isang ito na umiiral ay ang dakilang “Maging”; ang pandiwang *maging* ay maiaaplay lamang sa Diyos at hindi sa atin.

2. Ang Diyos ay ang pansansinukob na Maging, ang totoong umiiral; tanging ang Diyos ang Ako nga; tanging Siya ang may pag-iral.

E. *Jehovah* ay ang pangalan ng Diyos para sa pag-iral at pagtupad—Gen. 17:1; 28:3; 35:11; Exo. 3:14; 6:6-8.

F. Sapagkat si Jehovah ay walang hanggang umiiral at sapagkat Siya ang realidad ng pandiwang *maging,* Kanyang tutuparin ang anumang sinalita Niya—Juan 8:28-29.

G. Sa pagbabawi ng Panginoon ngayon, tayo ay nasa yugto ng pagtupad; nararanasan natin ang Diyos bilang Jehovah, ang dakilang Ako nga—Exo. 3:14-16; Juan 8:24, 28.

**IV. Ang pagbabalik ng mga anak ni Israel sa mabuting lupain ay sumasagisag sa pagbabalik ng mga Kristiyano mula sa pagkakabaha-bahagi tungo sa batayan ng ekklesia, ang batayan ng pagkakaisa—2 Cron. 36:22-23; cf. Deut. 12:1-32:**

A. Ang lokal na batayan ng ekklesia ay ang bukod tanging pagkakaisa ng Katawan ni Kristo na isinasagawa sa mga ekklesia lokal—Efe. 4:4; 1 Cor. 1:2; 12:27.

B. Ayon sa dibinong pahayag sa Bagong Tipan, ang batayan ng ekklesia ay binubuo ng tatlong mahalagang elemento:

1. Ang unang elemento ng pagkakabuo ng batayan ng ekklesia ay ang bukod tanging pagkakaisa ng pansansinukob na Katawan ni Kristo, tinatawag na "ang pagkakaisa ng Espiritu" (Efe. 4:3)—ang pagkakaisa na ipinanalangin ng Panginoon sa Juan 17.
2. Ang ikalawang elemento ng batayan ng ekklesia ay ang bukod tanging batayan ng lokalidad kung saan ang isang ekklesia lokal ay naitatag at umiiral—Apoc. 1:11; Gawa 14:23; Tito 1:5.
3. Ang ikatlong elemento ng batayan ng ekklesia ay ang realidad ng Espiritu ng pagkakaisa, yaon ay, ang realidad ng Espiritu, na siyang ang buháy na realidad ng Dibinong Trinidad—1 Juan 5:6; Juan 16:13.

C. Ang batayan ng ekklesia ay intrinsikong kaugnay sa buhay—Aw. 133:1, 3; 36:8-9.

**V. Ang mga anak ni Israel na bumalik sa mabuting lupain ay sinabihan na alalahanin ang kasundaang ginawa ng Diyos kay Abraham—1 Cron. 16:15-18; Gen. 15:7-21:**

A. Nanampalataya si Abraham sa Diyos para sa Kanyang pangako hinggil sa binhi, subalit kapos siya sa pananampalataya sa Diyos para sa pangako ng mabuting lupain—bb. 6-8.

B. Upang mapalakas ang pananampalataya ni Abraham, napilitan ang Diyos na kumpirmahin ang Kanyang pangako kay Abraham sa pamamagitan ng paggawa ng kasundaan sa kanya—bb. 9-21:

1. Ang kasunduang ginawa ng Diyos kay Abraham ay isang kasunduan ng pangako na matutupad sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos sa Kanyang biyaya—Juan 1:14, 17.
2. Ang bagong tipan ay isang pagpapatuloy ng kasunduang ito—Gal. 3:17; 4:22-26.

C. Ginawa ng Diyos ang Kanyang kasunduan kay Abraham sa pamamagitan ng pagkapako at pagkabuhay na muli ni Kristo—Gen. 15:9; Roma 6:5-6, 9:

1. Ang tatlong uri ng pinatay na hayop ay sumasagisag kay Kristo sa Kanyang pagkatao na napako para sa atin, at ang dalawang buháy na ibon ay sumasagisag sa Kanyang pagkadibino sa pagiging buháy, nabuhay na muling Isa—Gen. 15:9; Juan 11:25; Apoc. 1:18.
2. Ang dumalagang baka ay para sa handog ng kapayapaan, ang babaeng kambing ay para sa handog ng kasalanan, at ang lalaking tupa ay para sa handog na susunugin—Gen. 15:9; Lev. 3:1; 4:28; 5:6; 1:10.

3. Sa tipolohiya, ang bato-bato ay sumasagisag sa isang nagdurusang buhay, at ang batang kalapati ay sumasagisag sa isang nananampalatayang buhay, isang buhay ng pananampalataya; ang mga ito ang dalawang katangiang ng buhay ng Panginoon sa lupa—Gen. 15:9.
4. Yamang ang dalawa ay bilang ng patotoo, ang dalawang buháy na ibon ang nagdadala ng patotoo ni Kristo bilang ang Isang nabubuhay sa loob natin at para sa atin—b. 9; Juan 14:19-20; Gal. 2:20.

**VI. Bilang mga mananampalataya kay Kristo, kailangan nating magkaroon ng mga panalanging naghahayag ng kalooban ng Diyos at ng ating naising palawakin ang ating personal na espirituwal na hangganan—1 Cron. 29:10-20; 4:10:**

A. Sa sansinukob ay mayroong tatlong kalooban: ang dibinong kalooban, ang makasatanas na kalooban, at ang pantaong kalooban; ninanais ng Diyos na ang kalooban ng tao ay maiugpong sa Kanya at ninanais na ang tao ay maging kaisa Niya upang maihayag at maialingawngaw ng tao ang Kanyang kalooban pabalik sa Kanya sa panalangin para sa Kanyang mabuting kaluguran—Mat. 6:10; 7:21:

1. Ang tunay na kahulugan ng panalangin ay binubuo ng apat na hakbang:
    a. Ninanais ng Diyos na gumawa ng isang bagay ayon sa Kanyang kalooban—6:10.
    b. Inihahayag Niya ang Kanyang kalooban sa atin sa pamamagitan ng Espiritu upang malaman natin ang Kanyang kalooban.
    c. Ating ibabalik at iaalingawngaw ang Kanyang kalooban sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin—Juan 15:7.
    d. Isinasakatuparan ng Diyos ang Kanyang gawain ayon sa Kanyang kalooban—Apoc. 4:11.
2. Tanging mga panalanging pinasimulan ng Diyos at inaalingawngaw kung ano ang Kanyang pinasimulan ang mayroong espirituwal na halaga; dapat tayong matutong manalangin ng ganitong uri ng panalangin—Efe. 6:18; 1 Juan 5:14-16a.

B. Tumawag si Jabez sa Diyos upang palakihin ang kanyang hangganan; ang pagpapalaki ng hangganan ng mabuting lupain sa kanyang panalangin ay sumasagisag sa pagpapalaki ng hangganan ng pagtatamo kay Kristo at ang pagtatamasa kay Kristo, na siyang ang realidad ng mabuting lupain—1 Cron. 4:10; cf. Fil. 3:8-14.

**VII. Mula sa 2 Cronica 20:15-22 ay matututunan nating sumagupa sa espirituwal na pakikipagbaka sa pamamagitan ng pagpuri sa Panginoon:**

A. Sa 2 Cronica 20:15 ay sinabi ni Jehovah kay Haring Josaphat, “Huwag kayong matakot ni manglupaypay dahil sa malaking karamihang ito, sapagka't ang pakikipagbaka ay hindi sa inyo kundi sa Diyos,” at sa bersikulo 17a, “Hindi para sa inyo ang makipaglaban sa pakikipagbakang ito”:

1. Marami sa mga naglilingkod ang nagpuri kay Jehovahng Diyos ng Israel na may lubhang malakas na tinig—b. 19.
2. Nang magsimula silang sumigaw sa pag-awit at papuri, si Jehovah ay nagtalaga ng mga tambangan para sa mga kaaway, at sila ay nahataw—b. 22.

B. Ang papuri ay ang pinakamataas na gawaing isinasagawa ng mga anak ng Diyos—Aw. 119:164; Heb. 13:15:

1. Ang pinakamataas na kahayagan ng espirituwal na buhay ng isang banal ay ang kanyang papuri sa Diyos—Aw. 146:2; Heb. 13:15; Apoc. 5:9-13; 19:1-6:

a. Ang buhay Kristiyano ay pumapailanglang sa pamamagitan ng papuri—Gawa 16:19-34.
b. Ang magpuri ay ang mangibabaw sa lahat ng bagay upang hipuin ang Panginoon—Apoc. 14:1-3; 15:2-4.

2. Ang espirituwal na tagumpay ay hindi nakasalalay sa pakikipagbaka—ito ay nakasalalay sa papuri—2 Cron. 20:20-22.

C. Sa buhay ekklesia at sa ating personal na buhay, kailangan nating mag-alay ng napasukdol na papuri sa Diyos—Aw. 22:22b; Heb. 2:12b.
D. Sa pamamagitan ng Kristong ating naranasan at natamasa, kailangan nating patuloy na mag-alay ng hain ng papuri sa Diyos—13:15.
E. "Pupurihin Kita, O Panginoon na aking Diyos, ng aking buong puso; / At aking luluwalhatiin ang Iyong pangalan magpakailanman"—Aw. 86:12.

*© 2022 Living Stream Ministry*